

Epilepsya: Kaligtasan sa Panahon ng isang Seizure (Kombulsyon)

Kaligtasan sa Panahon ng isang Seizure

Ipaalam sa pamilya at mga kaibigan kung ano ang dapat asahan at kung paano kikilos kapag nagkaroon kayo ng isang seizure. Tumutulong ito na mapanatili silang kalmado at kayo na ligtas. Dapat maingat na gamutin ang mga seizure, nguni't ang mga tonic-clonic na seizure (mga seizure kung saan kayo ay nawawalan ng malay) ay kailangan ng higit na pansin. Narito ang ilang mga mungkahi para sa mga mahal sa buhay.

Ano ang Kailangan Malaman

Karaniwang tumatagal ang mga seizure nang mas mababa sa 3 minuto. At ligtas na gumagaling ang mga tao mula sa karamihan ng mga seizure. Sa panahon ng tonic-clonic seizure, ang tao ay maaaring magmukhang tumigil ang paghinga o maging bahagyang asul. Maaari itong maging nakakatakot para sa inyo, nguni't subukang manatiling kalmado. Pagkatapos nito, ang tao ay maaaring mapagod, malito, at makaranas ng pananakit. Maaaring mangailangan siya ng pagtulog nang ilang oras upang ganap na gumaling.



Ano ang Dapat Gawin

Sa panahon ng anumang seizure, samahan ang tao hanggang matapos ito. Tandaan ang oras kung kailan nagsimula at natapos ang seizure. At huwag subukang pigilan ang seizure. Sa panahon ng isang tonic-clonic seizure, gawin rin ang mga sumusunod:

- Ilayo ang matitigas o matutulis na bagay.
- Ihiga ang tao sa isang pantay na ibabaw at itagilid sila.
- Maglagay ng pantay at malambot na bagay sa ilalim ng kanilang ulo.
- Huwag subukang pigilan ang tao. Pareho kayong masasaktan.
- Huwag maglagay ng kahit ano sa bibig ng tao. Hindi nila malulunok ang kanilang dila, at inilalagay ninyo sa panganib na mabali ang kanilang ngipin o makagat ito.
- Huwag bigyan ng mga gamot ang tao sa panahon ng isang seizure maliban kung sinanay kayo ng isang doktor.
- Kausapin nang mahina ang tao habang sila ay gumagaling.

Tumawag sa 911 kung magtatagal ang seizure nang mas mahaba sa 5 minuto, walang batid na pagitan sa pagitan ng 2 seizure, o magkakaroon ng maraming sunod-sunod na seizure. Ang mga pangyayaring ito ay maaaring magpakita ng **status epilepticus**, isang medikal na emerhensiya. Tumawag rin sa 911 kung masyadong kakaiba ang seizure mula sa mga nakaraang seizure, o kung buntis ang tao.

© 2000-2012 Krames StayWell, 780 Township Line Road, Yardley, PA 19067 Nakareserba ang lahat ng karapatan. Ang impormasyon na ito ay hindi nilalayong maging kapalit ng propesyonal na pangangalagang medikal. Palaging sundin ang mga tagubilin ng inyong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan.